

# Makakuha ng Na-update na Bakuna Laban sa COVID-19 para sa 2023-2024 nang Wala Kang Gagastusin!

### Sa pamamagitan ng Programa ng Mga Bakuna para sa Mga Bata o 317/Bridge Access

## PROGRAMA NG MGA BAKUNA PARA SA MGA BATA (VACCINES FOR CHILDREN, VFC)

Ang **MGA BATA** ay makakakuha ng mga libreng bakuna laban sa COVID-19 kung 18 taong gulang sila o mas bata at sila ay:

- Kuwalipikado sa Medicaid (NJ FamilyCare Plan A)
- Walang insurance.
- May insurance na hindi sumasaklaw sa buong gastos ng bakuna (kulang sa insurance).
- American Indian o Alaska Native



healthapps.state.nj.us/fhs/cphc/cphcSearch.aspx

**Ang mga batang kulang sa insurance ay makakakuha lang ng bakuna sa isang Sentrong Pangkalusugan na Pederal na Kuwalipikado (Federally Qualified Health Center, FQHC).**

**I-scan ang QR code o bisitahin ang link sa ibaba para makahanap ng FQHC.**

## PROGRAMA NG 317/BRIDGE ACCESS

Ang **MGA NASA HUSTONG GULANG** ay makakakuha ng mga libreng bakuna laban sa COVID-19 kung sila ay:

- 18 taong gulang pataas
- Walang insurance na pangkalusugan
- May insurance na hindi sumasaklaw sa buong gastos ng bakuna (kulang sa insurance)



**I-scan ang QR code sa kanan para makahanap ng provider ng Programa ng VFC o 317/Bridge Access.**

**Para sa impormasyon tungkol sa bakuna at pagpapasuri para sa COVID-19 vaccination, tumawag sa Pambansang Hotline sa COVID-19 ng CDC, sa 1-800-232-0233.**

**Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa:** nj.gov/health/vaccines/

Marso 2024